Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ang pithaya niya ay maging sunod sa inihatid ko."}

Ayon kay Abū Muḥammad `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Àṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo hanggang sa ang pithaya niya ay maging sunod sa inihatid ko."}

[Nagsabi si An-Nawawīy: ḥadīth na tumpak] [Nagsalaysay kami nito sa Kitāb Al-Ḥujjah nang may isnād na tumpak]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang tao ay hindi nagiging isang mananampalatayang kumpleto ang pananampalatayang kinakailangan hanggang sa ang pag-ibig niya ay maging tagasunod ng inihatid ng Sugo (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na mga ipinag-uutos at mga sinasaway at iba pa sa mga ito. Kaya naman iniibig niya ang ipinag-utos ni Allāh at kinasusuklaman niya ang sinaway Nito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/66535